

# Iwasan at Iulat ang Panloloko sa Panahon ng Kalamidad

---

Release Date: March 13, 2023

**LAKE MARY, Fla.** –Isang nakaligtas kamakailan ang nag-ulat na nakatanggap ng text na ang kanilang "tseke na mula sa pederal na pamahalaan sa halagang \$2800 ay naibigay na". Sa text inutusan ang nakaligtas na bumisita sa isang link at magbigay ng personal na impormasyon para ma-verify ng FEMA. Ito ay isang scam. Ang mga pagtatangka ng scam ay maaaring gawin sa telepono, sa pamamagitan ng sulat o email, text o nang personal. Ang FEMA ay hindi nagbibigay ng anumang tulong pinansyal sa halagang \$2,800.00. Kung ikaw ay nag-apply para sa tulong sa kalamidad, aabisuhan ka ng FEMA tungkol sa desisyon nito. Ang ahensya ay maaari ring makipag-ugnayan sa iyo kung kailangan nito ng karagdagang impormasyon upang maproseso ang iyong aplikasyon. Ito ay maaaring dumating sa anyo ng isang liham. Maaari kang makatanggap ng tawag sa telepono sa ilang pagkakataon. Repasuhin nang mabuti ang mga sulat sa iyo ng FEMA.

Mag-online sa [DisasterAssistance.gov](https://www.DisasterAssistance.gov) para gumawa ng online account sa FEMA. Maging lubos na maingat kapag nagki-click sa anumang mga link.

Narito ang listahan ng iba pang *mga posibleng scam* na maaaring i-target ang mga nakaligtas ng Bagyong Ian:

## Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan

- Dapat malaman ng mga nakaligtas sa kalamidad na maaaring subukan ng mga con artist at mga kriminal na mag-apply para sa tulong ng FEMA gamit ang mga pangalan, address at numero ng Social Security na ninakaw nila mula sa mga nakaligtas.
- Kung ang isang inspektor ng FEMA ay dumating sa iyong tahanan at hindi ka naghain ng aplikasyon ng FEMA, ang iyong impormasyon ay maaaring nagamit na nang hindi mo nalalaman. Sabihin sa inspektor na hindi ka nag-apply para



**FEMA**

Page 1 of 3

sa tulong ng FEMA.

- Kung hindi ka nag-apply para sa tulong ngunit nakatanggap ng sulat mula sa FEMA, mangyaring tawagan ang aming Helpline sa 800-621-3362 anumang araw sa pagitan ng 7 a.m. hanggang 11 p.m. ET.
- Kung hindi ka nag-apply para sa tulong ngunit nakatanggap ng sulat mula sa FEMA, mangyaring tawagan ang aming Helpline sa 800-621-3362 anumang araw sa pagitan ng 7 a.m. hanggang 11 p.m. ET.

Kung naniniwala kang biktima ka ng isang nakikipagkontratang scam, labis na pagtataas ng presyo o iba pang mapanlinlang na aktibidad, makipag-ugnayan sa lokal na tagapagpatupad ng batas at iulat ito sa Opisina ng Attorney General sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-9-NO-SCAM (1-866-966-7226) o bisitahin ang [myfloridalegal.com](http://myfloridalegal.com). Upang maghain ng reklamo sa pandaraya, mag-online sa Scam Report ([myfloridalegal.com](http://myfloridalegal.com)). o makipag-ugnayan sa Federal Trade Commissionno (FTC) sa [www.ftc.gov/complaint](http://www.ftc.gov/complaint).

### Mga tawag sa telepono

- **Makikipag-ugnayan lamang ang FEMA kung nakapag-apply ka na para sa tulong.** Kung nakipag-ugnayan sa iyo ang isang tao na humihiling sa iyo na mag-aplay para sa tulong ng FEMA o kung kinuwestiyon mo ang layunin ng isang tao, makipag-ugnayan sa iyong lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas.

### Mga inspektor ng pabahay na nagsasabing kumakatawan sila sa FEMA

- Mag-ingat kung may humihingi ng iyong siyam na digit na numero ng aplikasyon. Hindi ito hihilingin ng isang inspektor ng FEMA. Mayroon na sila nito sa kanilang mga talaan at maaaring ibigay ito sa iyo upang kumpirmahin na nakikipag-ugnayan sila sa tamang tao.
- Ang mga inspektor ng FEMA ay hindi kailanman humihingi o nagkukumpirma ng impormasyon sa pagbabangko.



- Hilingin sa inspektor na ipakita sa iyo ang kanilang identification badge. Ang mga pederal at mga nakakontratang empleyado ay palaging nagsusuot ng opisyal na badge ng gobyerno upang makilala ang kanilang mga sarili.

### **May pupunta sa iyong tahanan nang walang FEMA photo ID**

- Huwag papasukin ang isang tao sa iyong tahanan na nagsasabing siya ay isang empleyado ng FEMA ngunit walang FEMA photo ID. Lahat ng mga kinatawan ng FEMA ay may dalang laminated photo ID.

### **Mga pekeng alok ng lokal o pederal na tulong**

- Huwag magtiwala sa taong humihingi ng pera. Ang mga pederal at lokal na manggagawa sa kalamidad ay hindi nanghihingi o tumatanggap ng pera. Ang FEMA at kawani mula sa Small Business Administration ay hindi kailanman naniningil para sa mga inspeksyon o tulong sa pagsagot sa isang aplikasyon para sa tulong sa kalamidad.
- Huwag maniwala sa sinumang nangangako ng isang gawad para sa kalamidad at humihingi ng malalaking deposito ng pera o mga paunang bayad nang buo.

### **Pagbibigay ng kawanggawa**

- Ang isang listahan ng mga kagalang-galang na kawanggawa na inaprubahan ng "Wise Giving Alliance" ng Better Business Bureau ay makikita sa [www.give.org](http://www.give.org).

### **Mga listahan ng rental**

- Ang Federal Trade Commission (FTC) ay may impormasyon sa kung paano gumagana ang mga scam sa pag-upa. Halimbawa, alam ng mga scammer na ang paghahanap ng tamang apartment o rental sa bakasyon ay maaaring mahirap gawin, at ang isang mukhang magandang deal ay hindi madaling palampasin kapag kailangan mo ng lugar na matutuluyan. Matuto pa sa [www.consumer.ftc.gov/articles/0079-rental-listing-scams](http://www.consumer.ftc.gov/articles/0079-rental-listing-scams).

